# Espiritwalidad ng Pag-asa

## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Fr. Nono Alfonso Jr., SJ

Setyembre 5, 2026

Itinuro sa atin ni St. Paul ang tatlong teolohikal virtues: Pananampalataya, Pag-asa at Pag-ibig (1 Cor. 19). Madali ang unang dalawa: PANANAMPALATAYA ay maaaring matututunan sa paaralan o sa pakikinig ng mga misa. Maaaring maranasan ang PAG-IBIG kung bahagi ka ng isang pamilya/komunidad. Gayunman, mahirap ang PAG-ASA; ito ay kadalasang natutuhan matapos nating pagdaanan ang kadiliman o mga pagsubok. Ang magandang balita - kaya nating matutuhang magkaroon ng pag-asa nang hindi na kailangang dumaan pa sa mabibigat na pagsubok upang ang PAG-ASA ay magiging likas na bahagi ng ating buhay. Ang ating pananampalataya ay isang buhay na pag-asa (1 Ped.1: 3); ito ay may – kumpiyansa, aktibong pagtitiwala sa Diyos.

**Limang praktikal na paraan upang maging bahagi ng ating mga gawi at kasanayan:**

1. **Ibaling muli ang ating pansin**. Madalas tayong nakatuon sa sentro, ngunit maraming bagay ang nangyayari sa mga paligid, (Rebecca Solnit, mamamahayag).
   - 1.1. Ang mabuting balita ng kapanganakan ni Hesus ay hindi ibinigay sa sentro ng kapangyarihan; ito ay ipinahayag sa mga pastol sa parang.
   - 1.2. Mabilis na lumaganap ang Katolisismo dahil tahimik na nagtuon si Hesus sa mga simpleng tao sa paligid (Dr. Rodney Stark, historian).
   - 1.3. Ang maliit na buto ng mustasa ang pinagmumulan ng kaharian ng Diyos (Mat. 13:21-31).
   - 1.4. Sinasabi ng mga tao na mahirap ang buhay ngayon. Gayunpaman, pinatunayan ni Dr. Hans Roslyn, statistician, na mas mabuti ang buhay (nasugpo na ang mga sakit; tumaas na rin ang life expectancy).
   - 1.5. Ang panonood ng mga pekeng balita sa social media ay nagpapaisip sa atin na ito ang realidad. Ibaling natin ang ating pansin sa mga sakripisyo ng ating mga magulang, sa mga tao sa lipunan na gumagawa ng mabuti.
2. **Pahalagahan ang kapangyarihan ng pagkilos**.
   - 2.1. Si Vinichio Viva ay isang lalaking may genetic na kondisyon - may mga pigsa sa buong katawan; kaya, namuhay siya na malayo sa paningin ng mga tao. Gayunpaman, noong maitalaga si Pope Francis, buong tapang na nagtungo si Vinichio sa St. Peter's square upang makipagkita sa kanya. Napansin siya ng Papa, hinalikan. Ibinalik siya sa Lipunan.
   - 2.2. Ang ating bokasyon ay kumilos/gumawa. Ang responsibilidad na ibinigay sa atin ng Diyos ay pangalagaan ang sangnilikha.
   - 2.3. Sa panahon ng pandemya, marami ang nawalan ng pag-asa. Kaya, sinimulan ni Patricia Non ang community pantry, na sinundan ng marami. Kapag makaramdam ng depresyon, at GUMAWA/KUMILOS.
   - 2.4. Ang maliliit na gawa ng kabutihan na ginawa ni Hesus ay nagbibigay inspirasyon sa atin at naging mga bukal ng pag-asa. Magkawanggawa tayo (Mat. 25:35).
3. **Yakapin at patatagin ang mga komunidad**. Hindi tayo mabubuhay kung hindi tayo kabilang sa pamilya o kumunidad (Mga Gawa 2:42-47).
   - 3.1. Sa pamamagitan ni Abraham, binuo ng Diyos ang Israel, at nagtatag ng pamayanang may tipan. Sa Bagong Tipan, tinawag ni Hesus ang 12 apostol upang bumuo ng bagong lipi ng Israel, na may layunin magtatag ng isang simbahan.
   - 3.2. Tayo ay naliligtas sa pamamagitan ng simbahan. "Sa labas ng simbahan walang kaligtasan" (St. Augustine).
4. **Piliin ang PAG-ASA araw-araw**. Madaling sumuko sa kawalan ng pag-asa. Piliin nating maging masaya araw-araw.
   - 4.1. Kung paanong kumikilos ang Diyos sa ating buhay, gayundin, ang diyablo na patuloy tayong tinutukso. Tayo ay maging mapanuri, at protektahan ang sarili gamit ang baluti ni Kristo at panalangin.
   - 4.2. Si Maria ang ating halimbawa, "Ang aking Espiritu ay nagagalak sa Diyos, na aking Tagapagligtas . . ." (Lucas 1:46-49).
5. **Kilalanin ang tunay na Diyos**, Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat. May perpektong plano ang Diyos para sa atin.
   - 5.1. Hindi kayang talunin ng kasamaan ang Diyos. Alam Niya ang lahat ng bagay at lubos Siya kung magmahal.
   - **5.2.** Walang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos (Roma 8:31-39). Ipinahayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa pamamagitan ng krus.

**KONKLUSYON:** Ang pag-asa ay nagmumula sa tunay na pagkilala at pagmamahal sa Diyos. Saan man umusbong ang pag-asa, walang bagay na hindi natin makakamit. Kahit sa maliit na bagay maipapakita natin ang pag-ibig ng Diyos.

**PAGNINILAY:** Ano ang iyong pagkakakilala sa Diyos? Paano nagpapatatag ang larawang ito sa iyong pag-asa para sa hinaharap? Ano ang iyong ambag sa mundo? Anong mga talento, kakayahan, at lakas ang mayroon ka at pwede mong ibigay sa Diyos?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni:Thess P. Sarmiento
Na edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Pag-asa #Pananampalataya, #Pag-ibig
https://lordsflock.org/teachings/digests/